ANG DIWA SALAWIKAIN

60 Salawikain na may tig-isang KWENTONG TULA

Col.
F11
398
S59d

AKDA NI

LO[illegible] SANTOS

ST. MARY'S COLLEGE OF MEYCAUAYAN
COLLEGE LIBRARY
3SMCL00005111

C945
000895

SAINT MARY'S COLLEGE
MEYCAUAYAN, BULACAN
COLLEGE LIBRARY

ANG DIWA NG MGA SALAWIKAIN

60 Salawikain na may tig-isang KWENTONG TULA

AKDA NI

LOPE K. SANTOS

000895 0948

MAYNILÀ, S. P., 1953

SAINT MARY'S COLLEGE
MEYCAUAYAN, BULACAN
COLLEGE LIBRARY

Col.
Fil.
297
Sa-7 A

000895

0948

SAINT MARY'S COLLEGE
MEYCAUAYAN, BULACAN
COLLEGE LIBRARY

Sa mga Gurò at mga Nag-áaral
ng Wikang Pambansáng Pilipino,
Magiliw na Iniháhandóg Itó
ng
MAY-AKDA

Copyright © 1953,

Ari at Palimbag na Sarili ng May-Akda

Reprinted — 1988

Published and Exclusively Distributed by Bookmark

ISBN 971-134-042-9

HIMATÓN SA PAGHANAP NG MGA LAMÁN NITÓNG AKLÁT

	Panig
KADAKI-D'AKILAANG ASAL	1
1. Ang Mabuting Gawâ	2
2. Nabigóng Pag-iingat	3
3. Panata ng Isang Balo	4
4. Kayamanang Kisáp-Matá	5
5. Naghahanáp ng Di-Kaya	6
6. Ayaw Mabasag, Nadurog	7
7. Ang Ináasahang Bubuhay	8
8. Ang Babae, Pag May Pag-ibig	9
9. Ayaw Sa Murang Upa	10
10. Kabantugán ng Isáng Makatà	11
11. Namuhunan ng Mabuti	12
12. Ang Pag-aasawa	13
13. Ang Mana ng Magkapatíd	14
14. Bumibigát Habang Kumikilos	15
15. Ang Ani sa Masamáng Binhi	16
16. Katwiran ng Tuso	17
17. Ang Lakad ng Panahón	18
18. Ang Anák ng Kanyang Iná	19
19. Ang Iginagandá ng Babae	20
20. Ang Gurò at ang mga Batà	21
21. Pag-iingat Laban sa Agap	22
22. Mga Batang Lansangan	23
23. Ang Buhay ng Maybuhay	24
24. Ang Hanggá ng Kagaslawán	25
25. Ang Layon ng Parusa	26
26. Mga Bayaning Duwág	27

Panig

27. Ang Hinà ng Karamihan 28
28. Saklolo Pa sa Bangkáy Na? 29
29. Galing sa Muntî ang Malakí 30
30. Dunong Na Waláng-Kasaysayan 31
31. Isáng Dalagang Magasó 32
32. Isáng Binatang Tulóg 33
33. Ang Nagagawâ ng Páaralán 34
34. Mga Pilyo Na'y Sínungaling Pa 35
35. Parunggít sa Matabíl 36
36. Nang Mapoót ang Lalaki 37
37. Ang Lihim ng Katipunan 38
38. Nápariwarang Pag-asa 39
39. Naháhabág na Naíinggít 40
40. Kung Gumantí ang Waláng-Turing 41
41. Katuturán ng "Collaborator" 42
42. Sirâ Na ang Ulo'y Hindî Pa Man 43
43. Mga Guniguníng Maagap 44
44. Pag-ibig na Waláng Puhunan 45
45. Isáng Babaing Palasigarilyó 46
46. Walâ sa Katabilán ang Dunong 47
47. Nang Mamatáy ang Ilaw 48
48. Ang Talino ng Maggagatás 49
49. Ang Sandata'y Dî Laruán 50
50. Ang Bisà ng "Anting-Anting" 51
51. "Diyós na ang Bahalà....!" 52
52. Ibinalík nang May Patong 53
53. Waláng Dî May Katapusán 54
54. Ang Bagay sa Manghihingì 55
55. Ang Nunò sa Apó 56
56. Ang "GI" noóng "Liberation" 57
57. Isáng Ugaling Kastilà 58
58. Ang "Arte" ng Pagtatagò 59
59. Mga Pihikang Pusò 60
60. Ikáw Man ay Harì 61

KADAKI-DAKILAANG ASAL

MAY dárakilà pa kayáng símulai't
híhigít sa gandá ng saláwikaíng—
"Ang masamâ sa'yó ay huwág mong gawín
sa kapwà mo tao", na ibig sabihi'y—
"Ang kapwà mo tao ay iyóng ibiging
gaya nang pag-ibig sa sarili mo rin"?

SA batás ng buhay at buhay ng batás
na sa tao't bayan ay nagpápatatág,
símulaing iyán ang diwà ng lahát;
habang itó'y hindî kusang nilálabág,
ang Sangkatauha'y matibay, mapalad,
ligtás sa ligalig, masayá't maunlád.

DÁTAPWÁ'T sa bansáng pinagháharian
ng budhíng maimbót at kaní-kanyahang
pagmamalasakit ng sariling buhay,
habang lumálangóy sa kaginhawaha't
ang hirap ng kapwa'y pinanónoód lang...
ang buhay ng tao diyán ay mabuwáy.

BINYAGÁN ma't hindî, matandâ o batà,
lalaki't babae, mayaman o dukhâ,
mangmáng o marunong, hamak o dakilà...
ang lahát sa iyó'y utang kay Bathalà't
sa tulong ng iyóng mga ibáng kapwà.
Dî ka mabúbuhay kung silá ay walâ!

Hunyo, 1953.

L. K. S.

ANG MABUTING GAWA

Hulí man at magaling,
náihahabol din.

Sa dagsâ ng hangin at buhos ng ulán
ang ugóy ng dampá'y mahigít sa duyan,
sa pagkabalisa ng nangamámahay,
napilit magkabít ng bagtíng at suhay.

Ngunì, íilán pa ang náikakabít,
ang dampá'y para nang sa bagyóng dinagit:
nálugmók sa lupa't waláng nakaalís
isá man sa loób na taong napiít.

Nang hupá-hupâ na ang ulán at hangin,
ay bahâ ng ilog namán ang dumatíng:
ang takbó ng agos waláng kasintulin,
bawa't máraaná'y halos kaladkarín.

Dátapwâ, salamat sa bagtíng at suhay,
dampá't lamáng tao'y hindî nangatangáy:
hindî man sa bagyó nápakinabangan,
sa dahás ng bahâ namá'y nakalaban.

☆ ☆ ☆

Tuwî na'y magalíng ang gawáng mag-
ingat
at lalung-lalò pa kung gawíng maagap:
ang mabuting gawá'y hindî lumílipas,
magahól man ngayó'y abot pa rin bukas.

NABIGONG PAG-IINGAT

Pag hindî ukol,
hindî búbukol.

Sa tapát ng isáng maliít na bahay
may dalawáng batang tigás na biruán:
mamyáng magpanuntók, mamyang
maghampasan,
minsang magpanghagad, minsang
maghagisán.

Sa loób ng bahay ay may natútulog
na isáng batà ring dî makapanaog,
bawal ng magulang na siyá'y maglibót,
nang sa básag-ulo'y huwág daw másuót.

Ang nagbíbiruáng dalawá sa lupa'y
humanggán sa tunay na pagkakasirâ:
nagpúkulan muna ng sanlibong laswâ,
bago nagbátuhang totóhanan na ngâ.

Paghagis ng isá ng malakíng bató,
ay hindî tumamà sa sadyáng katalo:
lusót sa bintana't lumagpák sa ulo
ng tulóg na batang sa dugó'y nahilo.

☆ ☆ ☆

Dî lahát ng taong ligpít at maingat,
laging sa panganib ay nakalíligtás.
Ibá na sa laban ang nakíkiharáp,
kita ang kalaban, at nakaíilag.

PANATA NG ISANG BALO

Itinútulak ng bibíg,
kinákabig ng dibdíb.

May isáng babaing kabábalo lamang,
na isá ang anák sa kinabaluhan;
palibhasa'y batà, magandá't mayaman,
kayâ kayrumami ng nag-áagawán.

Nguni't sa tuwî nang may ligaw na akyát,
dî man sinásadyâ, luha'y nalálaglág;
at kung ináalíw ng bawa't kausap,
lalong sumísidhî ang lungkót at iyák.

Anyá: "Máginoó, akó'y patawarin,
ang pag-aasawa'y walâ na sa akin,
anák ko na lamang yaríng mámahalín,
kayâ manong akó'y inyó nang lisanin...."

Dapwà, pagkaalís ng panhík na ligaw,
pásusuhíng anák ang inúulayaw:
"Ay! anyá, anák ko, káwawà ka namán!
Dî ba ibig mo nang magkabagong tatay?..."

☆ ☆ ☆

Malungkót ang balo pagká't napag-isá,
katapát na lunas ang magíng dalawá;
kung bawa't magsabing ayaw mag-asawa'y
paníniwalaan... ang lahi'y lagót na!

KAYAMANANG KISAP-MATA

Ang nanap sa tubig,
sa tubig din bábalík.

Minsan, may nanalong isáng
mánunugal,
matigás na galák nang muwî sa bahay:
dî magkandarala sa pinanaluna't
halos ang mag-anak sa tuwá'y magsayáw.

Ang kanyáng maybahay, tuso palibhasà.
salapí'y ginugol sa wastóng adhikâ;
ibinilí agád ng bahay at lupà,
anyá'y "nang hindî na datnán pa ng samâ".

Ang lalaki namá'y nagtirá ng konting
puhuna't ang nasa'y magkapalad ulî.
Ang konti'y naubos. Sa hangád bumawí'y
nangutang; nanghirám, at... bakâ-sakalì.

Nang talo ri't talo, ang inumít namán
ay ang "dokumento" ng lupà at bahay,
isinanlâ muna, at nang máalaman
ng abáng asawa'y... "embargo" na lamang.

☆ ☆ ☆

Ginhawang dî ani sa taním na hirap,
ginhawang madalíng malutlót sa palad.
Ang yamang pumanhík na sa sugál buhat,
hindî nanánaog nang waláng kaladkád.

NAGHAHANAP NG DI-KAYA

Sala sa lamíg,
sala sa init.

Babai'y walâ nang magawáng tipíd pa
sa kitang kauntî ng kanyáng asawa;
nguni't ang lalaki'y laging nagtátaká,
kapág ináabot ng waláng-walâ na.

Kung gabíng núnuwí't ang ulam na datnán
ay tuyó't tinapá, tigás na tungayaw:
"Manong itapon mo ang ulam na iyán,
akó'y másusuká, mákita ko lamang."

Ang babae namá'y bíbilí ng ibá:
karné, baboy, gulay at mga de-lata...
Walâ pang sanlinggó'y ubós na ang pera!
At mulî na namáng magbábangay silá.

"Bákit kaymamahál,—sabi ng lalaki—
ang mga ulam mong pinagbíbibilí?"
"Kung bilhín ko'y mahál,—sagót ng babae—
ayaw ka: kung mura, ayaw rin...
diyaske!"

☆ ☆ ☆

Hindî na panahón ng mga himalâ
na may lumálabás káhima't sa walâ;
ang ibig kumain ng laging sariwà,
ay sa bulsá muna dapat magpatabâ.

AYAW MABASAG, NADUROG

Nangilag sa baga,
sa ningas násugbá.

Isáng mag-asawang nakaríriwasâ,
may upahang isáng dalagang alilà;
ang babaing ginang namatáy na biglá't
nátirá ang balong lalaking matandâ.

Makasambuwán lang, dalaga'y ṇíniyák
sa isáng babaing lihim na kausap;
kinatulong itó sa nasang paglayas,
nang sạ panginoón siyá'y makaligtás.

Umanó, sa kanyá ang balong lalaki'y
madalás mag-isip ng hindî mabuti,
at, nang dî mabasag ang salamíng ṗuri,
pumayag sa hibò ng kapwà babae.

Ang babae palá namáng násamaha'y
sadyáng "kontratista" ng sariwang lamán;
dalaga'y binusóg sa gayák at utang,
pinag-'baylarina', sakâ... kinalakal.

☆ ☆ ☆

May pusong babaing kung makitunggalî
ay duwág sa isá't sa marami'y hindî;
lumakdáng sa hukay ng ikasásawí'y
nahulog sa bangín ng pagkálugamì.

ANG INAASAHANG BUBUHAY

Kung anó ang tagurî
ay siyáng pagkálungî.

Sa mulâ pa'y waláng palagì nang ambíl
ang matandang nunò sa apóng malambíng,
kundî: "Ang apó ko'y simbaît ng anghél,
pag lakí'y siyá nang búbuhay sa akin!"

Mámayáng sabihing itó'y magpápare,
at sa pagkukura'y magkákasalapî,
minsa'y magrí-Rizal, lálaban sa hari't
siyáng magbábangon ng sariling Lahì.

Palibhasa'y lakí sa nunò ang apó,
nagbinatáng labis sa tigás ng ulo;
nagíng alisagá't lagalág na tao,
at sa hanapbuhay ay pabagu-bago.

Sanghapo'y may isáng bangkáy ng matandáng
sa gitnâ ng daán ay nakabulagtâ,
náhagíp ng isáng awtong maragasâ,
at... ang apóng tsuper ang nakásagasà!

☆ ☆ ☆

Ang pagtatagurî ng magandáng palad
ay dapat sabayán ng wastóng pamulat;
madalás mangyari, na pag-asang bulág
sa ináasahan ang nagpápahamak.

ANG BABAE, PAG MAY PAG-IBIG

Putik din lamang at putik,
tapatín na't nang málapít.

Babai't lalaking kapwà may-asawa,
natuksó ang pusò nang minsang magkita;
alám palibhasang magsintaha'y sala,
kayâ nagpipigil kapwà ang dalawá.

Minsang nagkásabáy silá sa paglakad
at nag-úusap man ay palikwád-likwád,
bibíg ng lalaki'y dî makapangahás
tumukoy ng kanyáng natítimpíng hangád.

Nang sa nilálandás, may mákitang
putik,
sabi ng lalaki: "Tayo po'y lumihís."
Sagót ng babae; "Sa kináliliklík,
gágabihín tayo'y waláng masásapit."

Ang lalaki namá'y natigilang biglâ
sa nárinig niyáng talinghagà yatà;
kayâ ang násabi'y "May katwiran ka ngâ
Damí ko pang ligoy, ay samâ ri't samâ!"

☆ ☆ ☆

Kaugalian nang ang marumíng nais
ay iniáalay na balót ng baít.
Kapág ang babai'y may sadyáng pag-ibig,
sa kimíng lalaki'y madalíng mainíp.

AYAW SA MURANG UPA

Ibá na ang hawak
kaysá lumílipád.

Sa isáng mataong poók ng Maynilà
may bahay nà batóng arì ng Kastilà;
sa haráp ng daá'y piníd ang bintanà,
at may "Se Alquila" na lubhâ nang lumà.

Higít nang santaóng sa tinurang bahay
waláng makáupa at namámahalán;
ibig ng may-ari'y sandaán sambuwán,
at kahit na piso'y ayaw patawaran.

Ang tawad na'y nagíng siyamnapú't limá,
nguni't ang may-ari'y ayaw pang talagá,
habang panahón mang waláng makátirá,
ay mabuti na raw kaysá murang upa.

Kung nábigáy sana sa unang tumawad,
sanlibo, sandaá't apatnapúng lahát
ang disi'y násingíl sa santaóng singkád;
dátapwâ... piso man ay waláng umakyát!

☆ ☆ ☆

Marami ang taong sa takaw sa yaman,
habang nagsúsugíd, lalong nawáwalán.
Buti na ang isá, kung hawak sa kamáy,
kaysá libu-libong ibá ang maytangan.

KABANTUGAN NG ISANG MAKATA

Naghangád ng kagitnâ
sansalóp ang nawalâ.

Isáng mánunuláng kináhahangaan
sa dami ng tulâ at diwang mayaman;
sukat sa mábanggít ang kanyáng pangalan,
saán pa mang lipo'y pinagpúpugayan.

Kátaóng may isáng bukás na timpalák
ang isáng Lingguhan, na laán sa lahát;
sa lalong mabuting tuláng mápaharáp,
may Limampúng Pisong gantimpalang
gawad.

Ang gayóng timpalák ay nakabighanì
sa ating makatang dahóp sa salapî;
ang limampúng piso'y binaká-sakaling
kung sumali siyá'y sa kanyá máuwî.

Nang mahatulan na ang lahát ng kathâ,
natalo ang bunyí't dakilang makatà;
ang tumalo'y isáng baguhan sa tulâ,
at ang pagkatalo'y nábunyág sa madlâ.

☆ ☆ ☆

Iyáng mapanangan sa baká-sakali'y
malimit mahulog sa pagkápalungî.
Sa pangakong alíw ng konting salapî,
pangalan at puri'y madalás másuklî.

MAMUHUNAN NG MABUTI

Pag may isinuksók,
may mádudukot.

Isáng masalapî, sanggabí'y binihag
ng mga tulisá't dinalá sa gubat,
gapós at may-piríng niláng iniharáp
sa pinaka-punong mabangís sa lahát.

Ang hatol ng punong noó'y agaw-tulog,
ang mayamang bihag ay ipatútubós
ng sanlaksáng piso, kung di'y mapúpugot
ang ulo, sa tatlóng araw na súsunód.

Nang waláng tumubós matapos ang taning,
ang hatol sa bihag ay handâ nang tupdín;
pagharáp sa punò itó'y nápatigil:
tila námukhaán yaóng bíbitayin.

"Kayó palá!— anyá, kasabáy ang yakap—
ang aking parusa'y dî na matútupád...
Naáalala kong kayó ang nagbayad
ng libíng ni Amáng namatáy sa hirap!..."

☆ ☆ ☆

Pakáliít-liít ng mabuting gawâ
ay may nagbábayad na pusong dakilà.
"Kung waláng pananím kayóng matatandâ,
waláng máaani kamíng mga batà".

ANG PAG-AASAWA

Ang náuna'y nagsísisi,
humáhabol ang náhulí.

Isáng mag-asawang sásantaóng kasál
hanggán sa sumampú'y away rin nang away;
ang dî pag-aanák ay siyáng dahilán
ng madalás niláng ipagkásisihán.

Nagngíngitngít siláng kung bakit pa kayâ
nakápag-asawa, kung gayóng tátandáng
sa pag-aasawa'y waláng máhihitâ...
Buti pa'y lagì nang dalaga't binatà!

Isáng gabíng silá'y bábagong nagbabág,
sa pintô ng bahay ay may sá-tatawag,
nang buksá'y dalawá niláng kamag-anak,
dalaga't binatang hangós sa pag-akyát.

"Patuluyín ninyó at kamí'y nagtanan,
ay bakâ abuting dî pa nákakasál!..."
Yaóng mag-asawa ay nagkángitian,
anilá'y "Ganyán din tayo, noóng araw".

☆ ☆ ☆

Ang pag-aasawá'y may samá't may buti,
parang mamuhunang magtubò-malugi.
May nabíbigô ma't iláng nagsísisi,
ang mapalad namán ay lalong marami.

ANG MANA NG MAGKAPATID

Ang waláng hirap magtipon,
waláng hinayang magtapon.

Namatáy ang isáng babaing mayaman,
dalawáng ulilang anák ang naiwan;
ang yamang námana sa kinabaluhan,
lumakí sa tulong ng kanyáng panganay.

Nang ang kayamanan ay mapaghatì na
sa bunsó't panganay na kapwà nagmana,
nagsarí-sarilíng bahay ang dalawá
at sa pamumuhay ay nagkaní-kanyá.

Nang ang magkapatíd, makailáng taón,
sa isáng lansangan ay magkásalubong,
sa pagbabatián ay nag-urong-sulong,
at maluwát muna bago nagkátuntón.

Ang bunsó'y limahíd, at mukháng
káwawà:
naghirap sa sugál, nagíng hampaslupà
nguni't ang panganay, mukháng
mahadliká't
sa sipag at sinop, lalong rumiwasâ.

☆ ☆ ☆

Karamihang bunsô ay lakí sa layaw,
at lakí sa hirap ang mga panganay.
Kayâ ba ang bunsó'y siyang karaniwang
magwaldás sa mana nang waláng hinayang.

BUMIBIGAT HABANG KUMIKILOS

Kung saán nárapâ
ay doón magbangon.

May mahál maghayop na isáng kutsero
na dî namámalò sa kanyáng kabayo,
itó'y ináamò pag ayaw tumakbó,
kung tumakbó namá'y tingadngád ang ulo.

Waláng anú-anó, bigláng nátalisod
sa isáng putikan at nápasubasob,
sa lalim ng lungáw katawá'y nálublób,
at bumábaón pa habang kumíkilos.

Nároóng batakin, nároóng isulong
ng kutsero'y hindî makayang iahon;
nahapò na siyá sa kinágagayón,
ang tamád na hayop ayaw ring bumangon.

Sakâ naalala ng kutserong hapô,
na siyá ngâ palá'y may daláng pamalò;
ang kanyáng kabayong bihasá sa suyò,
nang hagupitín na ay bigláng tumayô.

☆ ☆ ☆

May mga sakunáng mabigát sa buhay
na bumíbigát pa habang gumágaláw.
Kayâ ba ang puri, kapág náhahapay,
ugaling itayô sa kináhapayan.

ANG ANI SA MASAMANG BINHI

Waláng unang sisi
sa hulíng nangyari.

Isáng mag-asawang may anim na anák
na nangagsilakíng silá'y waláng hirap;
may lakí sa nunò, may sa ale mulát,
may sa mga ninong nagkálipat-lipat.

Nang malalakí na ang magkakapatíd,
sakâ sa magulang ay nangápabálík,
ganong kalalayò ng ugali't isip;
waláng oras na dî nangagkákagalít!

At kung ináawat ng mga magulang,
ayaw mangakiníg at nagsísilaban,
nang ang ináng yamót ay mamalong minsan,
lumaban ang isá't ang iná'y sinampál.

"Bakit, anyá, kamí'y iyóng pápalụin,
ay hindî ka namán naghirap sa amin?"
Sa hiyâ, ang iná'y halos himatayín!
At ang nagsisihá'y mag-asawa na rin.

☆ ☆ ☆

Anhing pagsisihan ang nágawáng malî,
kung ang kamália'y dî na mabábawì?
Sa nangagtátaním ng masamáng binhî,
ang mabuting ani'y hindî mahíhingî.

KATWIRAN NG TUSO

Biru-birò kung sanlán;
totoó, kung tamaan.

Sa punò ng isáng santól na matamís,
may dalawáng batang áalí-aligíd;
ang maraming bungang hinóg na naglawít,
siyáng pinápandáw at ibig mahagis.
Ang may-arì paláng sakdál damot
namán,
sa dalawáng batà ay nakakáramdám;
nagtagò sa kublí't kapwà sinubukan,
nang kung humagis na'y kanyáng
másunggabán
Bumató ang isá; may bungang
lumagpák,
patakbóng pinulot, at sakâ kumaskás;
isá pa'y humagis, hindî nakalaglág...
Kátaóng may-arì namá'y lumálabás.
Sabáy sunggáb dito't anyá'y:
"Magnanakaw!"
Ang sagót ng bata'y "Birò ko pô lamang!"
"E bákit 'yung isá'y tumakbóng may
tangáy?"
"Mangyari pô siyá ay may nátamaan."

☆ ☆ ☆

Sa nangagbíbiró'y huwág pátiwala't
maraming totoóng sa birò nagmulâ.
Dî íiláng puri ang nápanganyayang,
nang hináhabol na'y dî raw sinásadyâ.

ANG LAKAD NG PANAHON

Hindî lahát ng maagap,
maagang nakalúlutas.

Isáng magsasaká ang sa kasábikang
mag-aning maaga sa kanyáng bukiran,
ay nagpunlâ agád kahit na tag-araw,
umasa sa dilíg at hindî sa ulán.

Ang binhí'y tumubò, nguni't nang sumibol,
ay nagíng uns'yami't kulutdíng ang dahon;
halilí ang langgám at uód sa usbóng,
kayá't nang magbunga ay bansót at luóy.

Samantalang yaóng isá pang kanugnóg
na magsasaká rin ay hulíng kumilos;
naghintáy ng ulán, at sakâ nagsabog
ng punlâ sa linang na sadyáng inayos.

Sa halilíng araw't uláng nag-alagà
ang binhí'y sumibol, lumagó't tumabâ,
at nang tagbunga na... oh, katuwá-tuwâ!
humitik ang punò sa bungang saganà.

☆ ☆ ☆

Dî bálanáng taong maagang gumising,
maagang matapos sa kanyáng gáwain.
Kinákailangang sa bawa't gágawín,
lakad ng Panahó'y pakibagayan din.

ANG ANAK NG KANYANG INA

Waláng masamáng kanyá,
waláng mabuting sa ibá.

Dalawáng babaing tigás na tákapan,
ang isáng umaga'y pinaggíbikanan
ng nangabalisang iláng kapitbahay,
na may inabot pang ganitóng ságutan:
"Bákit sásabihin agád ng anák mong
itóng aking anák ay mukhâ raw kwago?"
"Mangyari, ang sabi dito sa anák ko
ng anák mo namán, ay mukhâ raw
tsonggo!"
"E anó, dî ngâ ba?"—"Ang tsonggo ay
iyán,
patí kanyáng amá!"—"Kayó'y kwago
namán,
anák mo, asawa, at patí pa ikáw!"...
"Tsonggo'ng inyóng lahì!"—"Kwago'ng
inyóng angkán!"
Magsásaklutan pa, kung hindî naawat
ang dalawáng ináng paós na sa talák,
at kapwà pasigáw na ipinangwakás:
"Oh! ang anák ko'y magandá sa lahát!"...

☆ ☆ ☆

Ang arì ng ibá'y di-dapat pulaan,
kapág ang sarili'y ayaw mápintasán;
pakápangit-pangit ng pinaghirapan,
sa isáng naghirap ay talagáng mahál.

ANG IGINAGANDA NG BABAE

Waláng pangit na babae
sa karilimán ng gabí.

Silá'y magpipinsang anim na dalaga,
na limá ang pangit, isá ang magandá:
bawa't isá námá'y may binatang kanyá
na magkakatoto't pawang may pag-asa.

Ang masamâ lamang: ang limáng binatang
sa limáng dalagang pangit nápatamà,
may lihim ding hangád sa dalagang mutyá't
sa binatang tangi'y may lihim pang bantâ.

Upáng dî mábuyó sa pag-aawayán,
binata't dalaga ay nagkásunduan:
isáng gabí'y hindî silá mag-íilaw,
sa gitnâ ng dilím ay magháhanapán.

At ang makátagpô sa talang magandá,
ay siyáng may palad mag-arì sa kanyá;
nguni't ang nangyari... nang maghanapán na,
ay kaní-kanyá rin ang siyáng nákita.

☆ ☆ ☆

Oo't ang magandá'y ibig nating lahát,
dátapwá't lalò na ang talagáng liyág.
Sa pusong nínibig, kahit kulay uwák,
ang tingín sa sintá'y higít sa busilak.

ANG GURO AT ANG MGA BATA

Ang maghanáp sa walâ,
ulól ang kamukhâ.

Isáng páaralán ang may isáng Gurò
na sa mga bata'y bagong nagtúturò;
palibhasa'y bago, mainit ang dugó't
sa mga malikót, madalás mamalò.

Ang kanyáng palaging ipinangángaral
pag may mga batang nákakagalitan,
siyá raw, sa kanyáng buóng pag-aaral,
ay dî nagka-gurong nagalit minsan man.

At ang kadálasang ipinagngíngitngít
ay ang kahinaan ng sa batang isip;
siyá, kung bumasa, pagkátuwíd-tuwíd,
kung bakit ang batà ay paurít-urít.

Sa galit at yamót, madalás másigáw:
"Násaán ang inyóng isip? mga hangál!...
at bákit pa kayó nagsísipag-aral,
kung ang utak ninyó'y nasa-tálampakan?"

☆ ☆ ☆

Ikáw na matinô, na nakíkitukól
sa alám mong mangmáng, ay lalò kang ulól!
Kung lahát ng batà, pagdaka'y marunong,
daming mamámatáy na gurò sa gutom!

PAG-IINGAT LABAN SA AGAP

Masamáng máuna ang
damó sa palay.

May isáng dalagang magandá't mabaít,
na minsa'y nagtanóng saináng may-sakít:
—Nanay, sa lahát pô ng aking náriníg
sa inyó'y... may isáng dî ko mapag-isip.

'Masamáng máuna ang damó sa palay'...
may masamâ pô ba iyáng kahulugán?
—Masamáng-mabuti, —ang tugón ng Nanay—
masamáng mangyari, mabuting iaral.

"Tingnán mo ang bukid," patuloy ng iná,
"ang lahát ng damó'y nilílipol muna,
bago tinátamnán pagká't pag náunang
lumagô ang damó, ang palay... sirâ na!

"Ang isáng dalaga'y ganyán din, anák ko,
pag sa kasintaha'y maagang nábuyó:
agap ng binata'y pakáilagan mo't
iyá'y damóng siyáng lálason sa iyó!"

☆ ☆ ☆

Ang "kung malíligo'y sa tubig áagap",
na ipinápayo ni Kikong Balagtás,
sa bagay na itó'y tila hindi dapat,
pagká't úuna pa sa kasál ang binyág.

MGA BATANG LANSANGAN

Pag apaw na ang salóp,
kailangan na ang kalos.

May isáng matandáng sa anyô at ayos,
waláng hanapbuhay kundî magpalimós;
araw-araw'y lakád na úugud-ugód,
paroó't parito sa tulong ng tungkód.

Sanlangkáy na batà namán araw-araw
sa dukháng matandá'y laging nag-áabáng:
tinátawag nilá't kunwá'y lílimusán,
bago pagkálapít, paghihíyawanan.

Sa matandâ namáng hindî alumana,
"ugalì ng batà", kawikaán niyá,
madalás na lamang daanín sa tawa
ang pakikitungo, at lumálayô na.

Ngunì, isáng araw, nang lubhâ nang punô
sa yamót ang kanyáng maparayáng pusò,
ang langkáy ng bata'y hinagad ng palo't
iláng nátamaang ulo ang nagdugô.

☆ ☆ ☆

Sa ganitó'y hindî sukat na pagtakháng
magsikláb sa galit ang magú-magulang;
dapwa't... manong kaniláng subukang
silá ang gayunín ng batang lansangan!

ANG BUHAY NG MAYBUHAY

Ang nagtataním ng hangin,
may bagyóng áanihin.

Si Alíng Dáliláng waláng kapit-bahay
na di-lagì niyáng panhík-panaugan,
ang bawa't panhikín ay iníiwanan
ng buhay ni Gayó't kay Ganitóng buhay.

Katulad ng isáng magsasakáng batà,
waláng pili-pilì ng binhî at lupà,
kayâ, kung magsabog ng maraming punlâ,
may tamà sa bató't may sa tubig tamà.

Mga kapitbahay ay hindî nalaon,
nagkáabot-sabi sa ginayún-gayón:
nátuklasán niláng ang Dáliláng iyón
ang sa buhay nilá'y nagkapol ng lason.

Sa halíp na silá ang mag-away-away,
si Aling Dálilá ang pinagtulungan;
kung dî may naawang siyá'y saklolohan,
buhay ang nábayad sa dami ng utang.

☆ ☆ ☆

Ikáw, mapaglubíd ng bulá't búhanging
buhay ng maybuhay ang laging pagkain,
ang katakutan mo at alalahani'y
ang ibábayad mo kung ikáw'y másingíl.

ANG HANGGA NG KAGASLAWAN

Naligò sa linaw,
sa labò nagbanláw.

Nag-íisáng anák na pagkabatà na'y
kináhalataán ng talino't siglá;
ang mga magulang kasí ay may-kaya,
kayâ sa kuleh'yo'y pinapag-"interna".
At nang ang háiskúl kanyáng matapusan,
dalaga nang ganáp; lamang ay... magasláw;
kayraming kagalít na kamag-aarál,
at di-iláng gurò ang nákatíkisan.
Ang sa amáng ibig ay pagdodoktora,
ang sa iná namán ay parmasyútiká;
ngunì, palibhasa'y mabuting kumantá,
siyáng maykatawán, ibig mag-artista.
Kaugalian na niyá taún-taóng
muwî sa sarili sa pagbabakasyón;
dapwa't minsang nuwî... meron nang kayungyóng—
isáng pusturyoso, nguni't pataygutom!

☆ ☆ ☆

Ikulehyo mo man ang hindî mabaít,
ay magdáraos din pagsumpóng ng sakít;
anóng kailangang pakábihis-bihis,
kung laán din lamang humigâ sa putik?

ANG LAYON NG PARÚSA

Kinákain ang butil
at hindî ang busil.

May isáng binatang pag nákagalitan
ng amáng sawâ na sa kápapangaral,
madalás sumagót nang pabaláng-baláng,
at ang kanyáng amá'y dî pa raw mamatáy.

May isáng matigás ang ulong dalaga
na hindî talabán ng mura ng iná,
kung anó raw't itó'y naghíhimasok pa
sa ibig na gawín, siyá'y magulang na.

May isáng babaing laging nambababag
sa asawang gumong sa sugál at alak,
gayóng kayrumami ng kaniláng anák;
nguni't ang lalaki'y galít pang madalás.

At sa mga batà ay may isáng gurong
kung minsang muhî na'y nakakápamalò,
pag bata'y nagsumbóng sa amá o nunò,
ay karaniwan pang siyáng ináayò.

☆ ☆ ☆

Magíng ang binatà, magíng ang dalaga,
magíng ang lalaki, ang nunò o amá...
di-dapat magalit, bagkús matuwâ pa
sa mabuting layon ng pagpaparusa.

ANG BAYANING DUWAG

Ang tunay na kabayanihan,
nákikita sa larangan.

Nang si Polavieja ay magíng henerál
ng hukbóng kastilà noóng Hímagsikan,
sa kabi-kabilâ ay ipinagdiwang
ang pangalan niyá at kabayanihan.

Noón ngâ nangyaring Kabite'y napasok
ng mga kastilà sa maraming poók;
hukbóng pilipino'y nagkásabúg-sabóg,
at si Aguinaldo'y muntî nang makubkób.

Gaya ng panlahát na kaugalian
pag ang isáng hukbó ay nagtátagumpáy,
ang ibinúbunyí'y ang Punong-Henerál:
"Viva Polavieja!", ang noó'y sígawan.

Nguni't itó'y hindî man lang
nakátuntóng
sa lupang Kabite, nang labanáng iyón,
at sa kampanaryo ng Palanyág. . . doón
siyá nag-úutos sa malayong kampón.

☆ ☆ ☆

Sa mga bayani ay hindî íilán
sa sarí-sarili ang nagpápangalan;
lalo't nagkasugat, kahit sa likurán,
ipananabi nang yaó'y sa labanán.

ANG HINA NG KARAMIHAN

Ang lubid ay nalálagót,
kung saán dako marupók.

Mga manggagawà at mámumuhunán,
kung nagkákasirâ at nag-áaklasan,
kahit na sumapit hanggán sa húkuman,
madalás ding hindî magkáunawaan.

Habang ang labaná'y lalong lumúlubhâ,
nagkakásukatán ng lakás at hinà:
isá'y may-salapî, at ang isá'y wa
sino sa dalawá ang tátagál kayâ?

Sa lakás ng Isá at lakás ng Dami,
kabalintunaa'y madalás mangyari:
hindî Karamihan ang nangagwâwagí,
kundî Kaisahán ang haring parati.

Dahilán sa dami, mga manggagawa'y
silá-silá na rin ang nagkákasirâ;
bukód sa panustós silá'y waláng-walá't
ang nasa-kanilá ay dupók at hinà.

☆ ☆ ☆

Ang buklód ng walís, huwág kalimutan
na siyáng sa dumí'y malakás ilaban;
marami ma't sabóg at kaní-kanyahan,
ay talo ng isáng matatág ang lagáy.

DUNONG NA WALANG-KASAYSAYAN

Malakíng kahoy,
waláng lilom.

Bugtóng palibhasa't nag-íisáng anák,
inubos sa kanyá ang lahát ng pilak
ng mga magulang, na waláng pangarap
kung hindî ang siyá'y mátampók sa lahát.

Sa bawa't inibig na mápag-aralan,
tinustusáng lubós ng mga magulang,
at sa di-kawasà ay dumunong namán:
daming náiuwing "Diploma" sa bahay!

Bukód sa marunong, ay tanging siyá pa
sa mga magulang ang tagapagmana;
kayâ, sa kung iláng "Títuló't Diploma",
manong may ginamit na kahit man isá.

Sa pagpapasasà sa lahát ng layaw,
ay masamáng sakít ang ikinamatáy;
sa halíp magmana'y siyáng námanahan
ng mga "Diplomang" waláng kasaysayan.

☆ ☆ ☆

palayaw sa anák, di-dapat sumagwâ;
Ang mga magulang, sukat maniwalang
pinayabong ninyóng kahoy sa alagà,
dî man násilungan nang kayó'y tumandâ.

0948
SAINT MARY'S COLLEGE
MEYCAUAYAN, BULACAN
COLLEGE LIBRARY
000895
1332